Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-22 NG ENERO, 2003, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:40 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | .......... | PANG. PUNONG BAYAN |
| Kgg. Florencio C. Odejar | .......... | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | .......... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | .......... | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | .......... | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | .......... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | .......... | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | .......... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | .......... | Kagawad |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico | .......... | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | .......... | Kagawad |

KAPASIYAHAN BLG. 015-T'03

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG ANNUAL INVESTMENT PLAN (AIP) NG BARANGAY SANTO ANGEL SUR NA NAGKAKAHALAGA NG DALAWANGDAA'T DALAWANG LIBO SIYAMNARAAN SIYAMNAPU'T APAT NA PISO AT ANIMNAPUNG SENTIMOS (P202,994.60)*

*SAPAGKA'T,* may mga binalangkas na programa, proyekto at gawain ang Sangguniang Barangay ng Santo Angel Sur para sa taong ito na paglalaanan ng 20 bahagdang kabahagi ng *rentas-internas;*

*SAPAGKA'T,* matapos na ito ay masuri at malaman na ang mga binalangkas na programa, gawain at proyekto ay tumutugon sa pangangailangan ng nabanggit na barangay ay inirekomenda ng Tagapamuno ng Lupon sa Sangguniang Bayan na pagtibayin na ang AIP ng Brgy. Santo Angel Sur.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,* sa mungkahi ng Kgg. Kag. Eugenio A. Javier, Jr., na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon at Ricardo B. Ramirez at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN:* Na pagtibayin ang Annual Investment Plan (AIP) ng Barangay Santo Angel Sur na nagkakahalaga ng P202,994.60

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sang. Brgy. ng Santo Angel Sur, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY*

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

2/04/05